

Tala: 1

Addison's Disease(includes abstract) Badash M; Juan D; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010018110

Abstract: Ang Addison's disease ay bihirang sakit ng mga glandulang adrenal. Sa kaso ng Addison, hindi gumagawa ang mga glandula ng sapat na mga hormone na cortisol at aldosterone.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Addison's Disease

(Adrenal Insufficiency, Adrenocortical Hypofunction, Chronic Adrenocortical Insufficiency, Hypoadrenalism)


ni: Michelle Badash, MS

[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang Addison's disease ay bihirang sakit ng mga glandulang adrenal. Sa kaso ng Addison, hindi gumagawa ang mga glandula ng sapat na mga hormone na cortisol at aldosterone.

Adrenal Glands



Nangyayari ang Addison dahil sa pinsala sa panlabas na bahagi (cortex) ng glandulang adrenal.

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang sakit na Addison ay resulta ng dahan-dahang pagkapinsala ng adrenal cortex, ang panlabas na takip ng glandulang adrenal. Ang pinsalang ito ay maaaring dulot ng:

- Pag-atake ng immune system ng katawan sa glandula (sakit na autoimmune), na siyang dahilan ng 85% ng mga kaso sa maunlad na mga bansa

- Tuberculosis (pangunahing sanhi sa mga bansa sa Third World)
- Pagdurugo sa loob ng mga glandulang adrenal (kaugnay ng paggamit ng mga gamot na panlaban sa pamumuo ng dugo at shock)
- Kumplikasyon sa pag-opera
- Congenital (taglay mula nang isilang) o mga dahilang genetic (mga depekto ng mga enzyme, namamanang kakulangan sa glucocorticoid)
- Cytomegalovirus (CMV) na iniuugnay sa AIDS
- Mga impeksiyon dahil sa fungus, kabilang ang:
 - Blastomycosis
 - Histoplasmosis
 - Coccidioidomycosis
- Cancer kabilang ang pagkalat ng cancer sa:
 - Suso , baga , bato , o malaking bituka
 - Lymphoma
 - Kaposi's sarcoma
- Matagalang paggamot ng corticosteroid
- Mga gamot (gaya ng ketoconazole o etomidate)
- Paggamot ng radiation
- Talamak na mga sakit, kabilang ang:
 - Sarcoidosis
 - Hemachromatosis
 - Amyloidosis
 - Adrenoleukodystrophy
 - Adrenomyelodystrophy

Mga Nagbibigay Panganib

Ang nagbibigay panganib ay isang bagay na nagpapataas ng iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Kasama sa mga nagbibigay panganib ang:

- Ang pagkakaroon ng mga sumusunod na autoimmune na sakit ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib na naiuugnay sa dulot-ng-autoimmune na Addison's disease:
 - Type I diabetes
 - Pernicious anemia
 - Hypoparathyroidism
 - Hypopituitarism
 - Gonadal collapse
 - Hyperthyroidism (Grave's disease) o hypothyroidism (Hashimoto's disease)
 - Myasthenia gravis
- Stress
- Mga gamot laban sa pamumuo ng dugo
- Pinsala sa tiyan
- Mga miyembro ng pamilyang may dulot-ng-autoimmune na Addison's disease
- Matagalang paggamot ng steroid, sinundan ng:
 - Malubhang stress
 - Impeksiyon
 - Operasyon
 - Trauma
- Naunang operasyon sa mga glandulang adrenal

Sintomas

Kasama sa mga sintomas ang:

- Sobrang panghihina, pagkapagod
- Pagbaba ng timbang
- Pagduduwal o pagsusuka
- Di-magamot-gamot na pagtatae
- Panghihina ng kalamnan
- Pangingitim ng mga pekas, utong ng suso, mga peklat, mga pileges sa balat, mga gilagid, bunganga, mga pinag-uugatan ng kuko, at panloob na balat ng puwerta
- Mga emosyonal na pagbabago, lalo na ang labis na pagkalungkot
- Paghahangad ng maaalat na pagkain
- Pananakit sa tiyan o sikmura
- Anorexia
- Amenorrhoea

Ang isang malubhang komplikasyon ng Addison's disease ay ang Addisonian o adrenal crisis .

Kasama sa mga sintomas ang:

- Malubhang pananakit ng tiyan, likod, o binti
- Pagkahimatay o semicomatose na kalagayan
- Malubhang mababang presyon ng dugo
- Malubhang pagkaubos ng tubig sa katawan
- Malubhang pagduduwal, pagsusuka, at pagtatae
- Mababang asukal sa dugo
- Panghihina ng kalamnan sa buong katawan

Pagsuri

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal. Isang eksaminasyong pisikal ang gagawin.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Mga pagsusuri sa dugo at ihi—upang malaman kung mayroon kang mababang cortisol at aldosterone, mataas na ACTH (ang ACTH ay isang hormone na nagpapagana sa mga glandulang adrenal), at upang sukatin ang dami ng:
 - Anti-adrenal antibody
 - Sodium
 - Chloride
 - Calcium
 - Potassium
 - Bicarbonate
 - Dami ng urea nitrogen sa dugo
- Pagsusuring pagpapagana ng ACTH —sinusukat ang cortisol sa dugo at/o ihi bago at pagkatapos ng pag-iniksiyon ng ACTH
- X-rays —mga larawan ng tiyan upang makita kung ang mga glandulang adrenal ay may mga palatandaan ng deposito ng calcium
- CT scan ng tiyan—isang uri ng x-ray na gumagamit ng computer upang gumawa ng mga larawan ng mga bahagi ng loob ng katawan, sa kasong ito ang mga glandulang adrenal

Paggamot

Ang mga sintomas ng Addison's disease ay maaaring makontrol ng mga paggamot. Maaaring palitan ng mga gamot na ito ang nawawalang mga hormone. Kailangan mong uminom ng gamot habangbuhay. Ito ay maaaring damihan sa panahon ng stress.

Maaaring kasama sa mga gamot ang:

- Cortisone acetate
- Mga tabletang hydrocortisone
- Fludrocortisone acetate (Florinef)

Kasama sa agad na paggamot sa adrenal crisis ang:

- Hydrocortisone
- Tubig alat
- Asukal

Pangangalaga

Kailangan ang regular na pagsusuri sa dugo upang masubaybayan ang iyong tugon sa gamot. Gumamit ng pang-alertong medikal na pulseras para sa emergency.

[Pag-iwas](#)

Walang mga patnubay para sa pag-iwas sa Addison's disease. Kung inaakala mong nanganganib ka, kausapin ang iyong doktor.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010018110